

Diaz-Cintas, J. (2009). *New Trends in Translation Studies*. Canada: Cromwell Press Group, Ltd.

Haymillian.(2016). *Creativity & Flexibility are Key for Dubbing Success*. Nakuha mula sa <http://www.haymillianmedia.com/index.php/en/blog/147-creativity-flexibility-are-key-for-dubbing-success>.

Larson, M.L. (1984). *“Meaning-Based Translation: A Guide to Cross-Language Equivalence”*. Lanham MD: University Press of America.

Nida, E. at Taber, C. (1969). *The Theory and practice of translation*. Netherlands: E.J. Brill.

Nord, C. (1991). Skopos, Loyalty and Translational Conventions. *Target*, 3 (1), 91-109.

O'Halloran, K. L. and Smith, B. L. *Multimodal Text Analysis*. Ed. Carol A. Chapelle. *Encyclopedia of Applied Linguistics*. New Jersey:Wiley-Blackwell.http://multimodal-analysis-lab.org/_docs/encyclopedia/01-Multimodal_Text_Analysis-O'Halloran_and_Smith.pdf

Paul, G. (2009). *Translation in Practice*. The Society of Authors, British Council, and Dalkey Archive Press

Peralta, G. (1998). *Mari-Mar: A Study on Intertextuality and Ploysemy*. Masteral na Tesis. UP-CMC. Broadcast Communication. Quezon City.

Santiago, A. O. (1994). *Sining ng Pagsasalangwika*. Quezon City. Phil: UP Press.

Titford, Christopher. (1982). *"Sub-titling: constrained translation"*. *LebendeSprachen* 27.3 : 113-16.

na siyang mamamahala sa pagsi-sync ng audio sa pelikula. Hindi matatagpuan ang ganitong gawain sa proseso ng pagsasalin ng mga akdang teknikal at pampapanitikan maging sa pagsasaling itinatanghal. Tanging ang pagsasaling audiovisual lamang ang may gantong proseso dahil may kasangkot itong sound engineer na siyang magsi-sync ng audio sa pelikula.

Pagpapalabas

Matapos maisagawa ang kabuuang pag-eeedit at **synchronization**, ipinapalabas ang nagawa at nabuong pelikulang may salin. Bago pinapa-ere sa mga telebisyon, pinapanood muna ito ng mga kliyente upang tingnan kung may pagkukulang pa ba o tama na ang nabuong pelikula. Madalas rin na nakaupo ang ibang kliyente sa proseso pa lang ng pag-eeedit upang matutukan at masubaybayan ang pagbubuo ng pelikulang salin. Sa bahagi ring ito ginagawa kapag may mga senaryo na hindi na kailangan o hindi kaya ay limitado lamang ang oras o panahon ng pagpapalabas kaya kailangang tanggalin ang ibang senaryo.

Konklusyon

Isang kolaboratibong gawain ang pagsasaling audiovisual. Ang tagasalin bilang siyang gumagawa ng salin, ang voice talent na siyang nagbibigay buhay sa salin, ang sound engineer at direktor na siyang tagatimpla ng magiging kinalalabasan ng dubbing. Nangangahulugan lamang ito na hindi lamang wika, kultura, konteksto at audience ng target na wika ang kailangang ikonsidera sa pagsasalin ng tekstong audiovisual. Hindi lamang nakabatay sa iisang moda ang pagsasalin na ito. Hindi lamang nakabatay sa **speech code** kung hindi binibigyang-pansin din nito ang iba't ibang **semiotic resources**, tulad ng **visual**, **kinetic** at **auditory** at iba pang dapat ikonsidera na may malaking faktor sa pagsasaboses ng salin. Ang pagsasaling ng tekstong audiovisual ay hindi lamang nagtatapos sa pagsasalik ng teksto kundi sa buong prosesong isinagawa upang mabigyang-buhay ang isinaling teksto. Isang prinsipyo na umaayo sa konsepto ng multimodalidad.

Mga Reperensiya

Chaume, V. F. (2004). *"Synchronization in dubbing: A translational approach."* *Topics in Audiovisual Translation*. Ed. Pilar Orero. Amsterdam and Philadelphia: John Benjamins. 35-53.

makatutulong sa pagpapalabas ng naayong emosyon o reaksyon. Kailangang naayon ang boses ng dubber sa reaksyon at emosyong makikita sa screen.

May sariling **file** ang bawat karakter ng kanilang boses upang hindi malito ang **synchronizer** o **sound engineer**. Sa proseso ng dubbing rin maaaring pumapasok ang tagasalin dahil kapag nahirapan ang isang voice talent sa pagbitaw ng linya mula sa iskrip, mag-iisip at maghahanap ngayon ng salita ang tagasalin. Ang tagasalin ang nagtu-troubleshoot ng problema sa paggamit ng salita. Ang bahaging ito ang nagsisilbing ebalwasyon sa isinagawang salin at dubbing. Ini-evaluate dito ang pagiging natural ng salin at pagbitaw ng mga linya ng voice talent. Isang paraan ng pag-eebalweyt ng salin na tinatawag na Pagsubok sa Pagiging Natural ng Wikang Ginamit sa Salin o ang **Naturalness Test** at **Readability Test** ni Larson (1984). Ginamit din ang mga ebalwasyong ito sa pagsasalin ng mga tekstong teknikal at pampanitikan. Ginagawa sa prosesong ito ang pagsubok upang matiyak na nababagay ang esrilo ng salin sa uri ng pagsasalin dahilan upang may mga mababago at mapapalitang salita.

Pag-eedit o Synchronization at Pagrerebisa

Matapos mai-dub ang boses, ang pag-eedit o synchronization ang susunod na ginagawa na tinatawag naman na **Audio Dialogue Replacement** o ADR. Gamit ang mga boses na nairekord, isasabay o isi-synchronize ng editor ang boses ng mga karakter. Tanging ang dayalogo lamang sa orihinal ang naka-mute pagkatapos lalagyan o hahalinhinan ng nairekord na boses. Sa mga pagkakataon na nagsasabay ang **sound effects** at dayalogo kinokopya na lamang ng editor ang naturang boses pagkatapos pinapatungan ng nairekord na boses.

Isa sa hamon o suliranin ng pag-eedit ang hindi tugma o eksakto ang haba ng nairekord at ang dayalogo. Halimbawa nalang diumano ay ang teksto na “shut up” na “tinumbasan ng tumigil ka”. Binubuo lamang ang nauna ng dalawang pantig samantalang may apat na pantig ang salin nito. Ang ginagawa ay muling pinapabitiw ng linya ang voice talent hanggang sa matiyempuhan ang ritmo nito. Tinatawag ang gawaing ito na **milking**, ang proseso na kung saan inakma ng voice talent ang kanyang boses sa galaw ng bibig gaano man kahaba o kaikli ang linya. Kapag hindi masolusyunan, agad na papasok ang tagasalin na magpapalit ng mas maikling salin o salitang makasabay sa audio ng pelikula na tinatawag na **revising**. Madalas na ginagamit ang terminong “squeeze it” kapag may mahabang linya na kailangang iklian o tanggalan.

Batay sa bahagi ng prosesong ito masasabing kolaboratibo ang pagsasagawa ng dubbing. Malaki ang papel ng sound engineer

Kapag natukoy na ang mga **voice talent**, pinapanood nila ang buong pelikula kasama ang buong produksyon. Sa puntong ito, nagbibigay ng mga komento ang direktor kung ano ang nais niyang boses sa bawat karakter. Sa proseso ng dubbing dapat gumawa ng identidad ang boses ng isang karakter. Kailangang may marka o tatak ito sa target na wika. Dapat isipin ng voice talent kung paano tumawa, umiyak, magalit, o matakot sa konteksto ng target na manonood dahil sa kanila nakatuon at para sa kanila ang teksto. Kahit na ang paraan ng pagtawa, pag-iyak at iba pa ay kailangang umakma sa kung ano ang oryentasyon ng mga manonood. Isang katangian na dapat taglayin ng isang isinaling tekstong audiovisual, ang pagiging malapit nito sa target na manonood (Nord, 1991).

Bago isinasalang sa studio, binibigyan ng iilang araw ang mga voice talent upang ensayuhin ang karakter na isasaboses nila. ⁵Dapat i-internalize muna nila yung character. Kasi mas mahirap talaga ang trabaho ng voice talent. You need to convey the audience that hey, it's the same as the original by means of boses lang. You need to be creative kaya we gave them enough time to practice and exercise their voices, jaws like that”, pahayag ng impormante.

Pagsasagawa ng Dubbing

Ito ang aktwal na pagsasaboses ng salin. Kasangkot sa prosesong ito ang **voice talent**, direktor, **sound engineer** at tagasalin. Inirerekord na sa bahaging ito ang boses ng bawat **voice talent**. Isa-isang inirerekord ng mga **voice talent** ang bawat karakter. Tatapusin niya ang lahat ng mga linyang nakalaan sa kanya mula sa simula ng pelikula hanggang sa katapusan. Subalit sa bawat linya, kailangan niyang ulitin ng makalimang beses ang pagbigkas sa bawat set ng diyalogo nito. Ginagawa ito ng **voice talent** upang mabigyan ng opsyon o pagpipilian ang **sound engineer** at direktor kung alin ang mas nababagay sa nasabing diyalogo. Mula sa prosesong ito makikita ang fleksibilidad sa proseso ng dubbing dahil mabibigyan ng pagkakataon ang direktor kung alin ang mas bagay at may opsyon siya na ulitin muli ang pagda-dub upang makuha ang angkop na boses. Isang proseso na hindi taglay sa ibang uri ng pagsasalin.

Madalas din na nagbibigay ng puna ang direktor kung ano ba talaga ang hinahanap habang isinasagawa ang pagrerekord. Madalas na gumagamit ng iilang mga bagay o materyales sa loob ng **dubbing booth** o **dubbing studio** na sa tingin nila ay

⁵ Panayam na ginawa ng mananaliksik kay Bb. Ada Cuaresma noong marso 27,2017.

madalas na salitang ginagamit niya. Subalit may mga pagkakataon din na ang mismong **voice talent** ang mag-aadjust sa pamamagitan ng pag-eensayo sa mga salita upang hindi na ito mapalitan lalo na kapag walang salitang maaaring maitumbas.

Hindi lamang doon nagtatapos ang gawain ng tagasalin. Dahil sa buong gawain ng dubbing maging sa editing, nandoon pa rin ang tagasalin upang masubaybayan ang kabuuang proseso. “⁴Importante kasi na present ka kasi ikaw gumawa nung translation. For example sa editing hindi tugma o pangit pakinggan sasabihan ka na hindi okay ang salita, so magsa-suggest ka ngayon ng word na ipapalit tapos aabrubahan ng direktor.” **Revising** ang tawag sa prosesong ng muling pagtingin at pag-edit ng salin. Ipinapakita lamang nito na malaki ang papel na ginagampanan ng tagasalin sa buong proseso ng dubbing dahil ang salin nito ang pangunahing materyal sa pagsasagawa ng dubbing.

Pagpili ng mga Voice Talent

Matapos maisalin at maipakita sa direktor ang salin ng iskrip, susunod nito ang pamimili ng mga **voice talent**. Unang ginagawa ang panood ng buong staff ng pelikula at pagkilala sa nararapat na boses ng bawat karakter. Inililista nila ang bawat karakter sabay na ang iba’t ibang ispesipikasyon nito. Matapos matukoy ang mga kinakailangan sa isang boses, maghahanap na sila ngayon ng gaganap mula sa kanilang mga trainee. Sa boses ng karakter nakasalalay ang pagpili ng voice talent na gaganap sa pelikula. Ibig sabihin nito tanging boses at hindi kasama ang edad at ang pisikal na anyo sa pagpili ng magda-dub. Halimbawa na lamang kapag isang matandang babae ang karakter, hindi ibig sabihin nito na direktang matandang babae agad ang kanilang kukunin. Kapag may mga **voice talent** na marunong sa boses ng isang matandang babae, lalake man ito o babae ay maaaring magsaboses ng karakter na iyon. Ayon nga sa website ng Haymillian na isa sa mga pangangailangan ng isang voice talent ay ang pagkakaroon ng malikhaing pag-iisip, klaro at flexible na boses (<http://www.haymillianmedia.com/index.php/en/blog/147-creativity-flexibility-are-key-for-dubbing-success>). Ibig sabihin lamang nito na tanging boses ang pangunahing kailangan sa pagpili at pagtukoy ng magsasaboses ng isang karakter. Dahilan upang may mga pagkakataon na maaaring gampanan ng isang **voice talent** ang mahigit sa isang karakter depende sa kagalingan at pagiging flexible ng kanyang boses.

⁴ Panayam na ginawa ng mananaliksik kay Bb. Ada Cuaresma noong Marso 27, 2017.

material, at binibigyang-konsiderasyon din kung sino ang magsasaboses ng bawat karakter.

Matapos matanggap ang kopya ng pelikula, kinakailangang magkaroon muna ng kopya ng iskrip sa orihinal na wika. Maaaring makuha ito kapag sabay itong binigay ng nagpapasalin o kliyente, o maghahanap sa internet ng naka-subtitle na file nito o kung wala, mismong ang tagasalin ang gagawa ng iskrip sa pamamagitan ng pagtatranskrayb ng pelikula sa orihinal na wika nito. Kapag hindi naman Ingles ang orihinal na wika katulad ng pagda-dub ng mga Mexican na palabas, hinihingi nila sa kliyente ang salin nito tungo sa wikang Ingles. Sa ganitong sitwasyon may dalawang bahagi ang pagsasalin. Subalit may pagkakataon rin na hindi maintindihan ang teksto kahit na naisalin na ito sa wikang Ingles dahil madalas hindi ito isinalin upang i-dub halimbawa ay sa aspetong panggramatika at paggamit ng mga malalim na salita dahilan upang sila na mismo ang mag-aadjust at mag-akma kung saan ito gagamitin. Iniisip niya na dapat konbersasyunal ang kanyang pagkakasalin na nakalaan upang ipalabas. Binanggit nga niya na. “Basta yung iniisip ko lang na dapat conversational siya, dapat hindi halata na translated na pala. Dapat parang orihinal yung tunog ng salin.” Kaya ang ginagawa, isasalin muna ang iskrip mula sa orihinal tungo sa target na wika na nakatuon lamang sa pangunahing layunin nito, ang pagiging konbersasyunal. Kailangang isipin din kung sino ang target na manonood nito, dahil isa ito sa pagbabatayan ng pagpili ng mga salita na dapat madaling maunawaan at maintindihan.

Mula sa ginagawang proseso ng tagasalin mapapansin na binibigyang-halaga ng tagasalin ang iskrip ng pelikula at mismong pelikula. Dapat mapanatili nito ang katangian na isang palabas na naglalaman ng mga diyologo. Dapat malay rin ang tagasalin kung para saan ang kanyang isasalin. Kailangan niya isaisip na diyologo ng pelikula ang kanyang isasalin kaya dapat umayon ito sa kumbesyon ng isang maayos na diyologo.

Matapos isalin ang iskrip, madalas na ginagawa ang inisyal na pagda-dub nito. Pinapakinggan niya ngayon ang pelikula at ginagawa ang inisyal na pagsasabay ng kanyang salin sa pelikula nito. Ginagawa lamang ito bilang pagwawasto na rin kung kompleto ba at walang kulang na mga linya. Maaaring may pagbabagong magaganap kapag natukoy na kung sino ang magsasaboses ng mga karakter. Iisipin naman ngayon ng tagasalin kung sino ang gaganap sa boses ng bawat karakter. Mahalaga diumano na makilala ng tagasalin ang voice talent. Upang malaman niya kung ano ang

³ Panayam na ginawa ng mananaliksik kay Bb. Ada Cuaresma noong marso 27,2017.

sa mundo ng pagda-dub katulad ng nainterbyu ng mananaliksik, ang **Creativoices Production** na binuo ni Pocholo D. Gonzales na tinagurian bilang “The Voicemaster” ng Pilipinas. Kaya hindi na ganoon kahirap para sa isang produksyon dahil may mga tauhan na sila mismo sa loob at hindi na kailangang kumuha pa mulasa labas.

Pagsasalin ng Iskrip

Maituturing na isa sa pinakakomplikadong gawain sa proseso ng **dubbing** ang pagsasalin ng iskrip. Kasama na sa bahaging ito ang pagkokonsidera ng tagasalin. May mga tagasalin ang mga produksyon mula sa iba’t ibang mga wika. Ayon sa impormante, ¹hindi direktang nakabase ang pagpili ng tagasalin sa pagtingin ng **educational background** nito katulad ng naka-major ba sa pagsasalin o nakatuon lamang sa disiplina ng pagsasalin. Pumipili sila ng tagasalin batay sa kung unang wika ba ng tagasalin ang target na wika, may kasanayan sa pagsasalin ng iskrip, at may kaalaman sa mundo ng **revoicing** o **dubbing** at dumaan sa **training** o **workshop** sa paraan ng pagsasaling **audiovisual**. May kaugnayan ang pagpili ng tagasalin sa ibinahagi nina Santiago (1994), Nida at Taber (1969), at Paul (2009) na kailangang may sapat na kaalaman at kontrol sa wikang pagsasalanan, at may kaalaman sa genre o uri ng pagsasalin partikular na sa pagsasaling audiovisual. Pinapaburan din nila kapag mismong nakadanas na ng dubbing ang tagasalin sapagkat alam na niya mismo kung paano at ano ang dapat gawin sa iskrip. Katulad na lamang ni Bb. Ada Vina Cuaresma na gradweyt ng Business Management sa UP-Los Banos na isa na ngayong executive director ng Creativoices Production at nagsasalin ng iskrip. Una siyang naging voice talent, dumaan sa mga intensibong workshop hanggang sa naging tagasalin. Ayon sa kanya, ²hindi madaling gawain ang pagsasalin ng iskrip dahil may mga bagay na kailangang ikonsidera. Una na rito ay ang mga salita mismo sa loob ng iskrip, ang kopya ng pelikula na nagsisilbing raw material, at binibigyang-konsiderasyon din umano kung sino ang magsasaboses ng bawat karakter. Ang Figyur 4 ay nagpapakita ng halimbawa ng nabuo at naisaling iskrip mula sa studio ng Creativoices Production.

Hindi madaling gawain ang pagsasalin ng iskrip dahil may mga bagay na kailangang ikonsidera. Una na rito ay ang mga salita mismo sa loob ng iskrip, ang kopya ng pelikula na nagsisilbing **raw**

¹ Panayam ng mananaliksik kay Pocholo D. Gonzales na ginawa sa Makati City noong Marso 27, 2017.

² Panayam na ginawa ng mananaliksik kay Ada Vina Cuaresma noong Marso 27, 2017.

Metodolohiya

Ginamitan ang pag-aaral na ito ng disenyong kwalitatibo. Deskriptibong pamamaraan at analisis ng nilalaman (**content analysis**) ang paraan ng pag-aanalisa sa datos na nakalap. Nagkaroon ng inisyal na pananaliksik ang mananaliksik kung paano nagsasalin ang iba't ibang network ng mga pelikulang ipinapalabas sa telebisyon. Mula sa mga inisyal na pananaliksik lumabas ang pangalan ng **Creativoices Production** bilang isa sa mga produksyon na nagsasalin ng mga pelikula sa iba't ibang network. Pinili ito ng mananaliksik at sinimulang kontakin ito sa pamamagitan ng email address na nakalagay sa kanilang official site upang isagawa ang interbyu. Matapos makuha ang ilang mga impormasyon mula sa nasabing produksyon, agad na binigyan ng analisis at interpretasyon ang lahat ng mga ito.


Paglalahat at Pagtalakay sa Resulta ng Pag-aaral

Dalawang paraan ng pagsasaling **audiovisual** ang ginagamit sa Pilipinas-ang **subtitling** at ang **dubbing**. Ginagamit ang **subtitling** kapag ipinapalabas ang isang pelikulang Pilipino sa ibang bansa kaya madalas Ingles ang teksto ng wika sa screen nito. Samantalang **dubbing** naman kapag ipinapalabas sa mga telebisyon ng mga Pilipino ang isang dayuhang programa o pelikula. Sa kaso ng pagpapalabas ng mga pelikula sa iba't ibang tsanel, mga ilang buwan muna ang lilipas bago ipalalabas ang isang pelikula sa telebisyon pagkatapos itong mapanood sa mga takilya o sinehan. Dumadaan ang proseso ng dubbing sa mga sumusunod: (1) Pagbubuo ng Produksyon, (2) Pagsasalin ng Iskrip, (3) Pagpili ng mga Voice Talent, (4) Pagsasagawa ng Dubbing, (5) Pag-eedit o Pagrerebisa, at (6) Pagpapalabas. Matutunghayan sa ibaba ang pagtalakay sa mga sumusunod na proseso.

Pagbubuo ng Produksyon

May dalawang opsyon ang mga tv network sa pagsasagawa ng **dubbing**. Una, maaaring sa loob mismo ng tv network manggagaling ang pamamahala ng buong produksyon ng **dubbing** lalong-lalo na kapag may nakatalaga na silang mga artista na siyang magda-dub ng mga karakter. Subalit nangyayari lamang ito kapag nakalaang ipalabas sa takilya o isang malaking proyekto ang isang isasalin nila. Isang paraan dito ang madalas na pagpili na lamang ng produksyon na karaniwan nang nagsasagawa ng dubbing. Maghahanap ang **management** ng isang produksyong gumagawa ng ganitong trabaho. Maaaring nabuo ang produksyong ito sa pamamagitan ng grupo ng mga indibidwal na may kaalaman

Matutunghayan sa ibaba ang iskema ng isinagawang pag-aaral at paglalarawan sa proseso ng dubbing.



Figyur 1. Iskematikong Dayagram ng Pag-aaral

Makikita sa figyur 1 ang iskematikong dayagram ng pag-aaral. Nakapaloob sa malaking parihaba ang dalawang maliliit na nakatayong parihaba. Ito ang orihinal na wika ng pagsasalin at ang target na wika ng pagsasalin. Sa pagitan nito ang arrow na nagrerepresenta sa paraan ng pagsasatinig ng pagsasaling nakapaloob sa pag-aaral. Sa itaas makikita ang dubbing microphone bilang simbolo sa uri ng AVT na ginamit sa pag-aaral. Sa pagsasagawa naman ng dubbing kasangkot ang kolaboratibong paggawa ng tagasalin, voice talent, direktor, at ang sound engineer na siyang gumagawa sa salin.

Inilalarawan lamang ng pag-aaral na ito na bunga ng teknolohiya't digitalisasyon, umusbong ang isang bagong uri ng paglalahad ng salin, ang pagsasatinig ng pagsasaling **audiovisual** partikular na ang dubbing sa Pilipinas. Nais ding ipakita ng pag-aaral na ito na kolaboratibong gawain ang pagsasalin ng tekstong audiovisual.

dubbing sa pagsasalin ng mga pelikulang dayuhan upang ipalabas sa mga telebisyon. Isang katibayan na rito ang mga naunang Mexican telenovela katulad ng Marimar na isinalin sa wikang Filipino at lubos na tinangkilik ng masa (<http://www.ipsnews.net/1996/07/culture-filipinos-hooked-on-the-tale-of-a-mexican-girl/>). Mula sa mga Mexican telenovela, patungo sa mga asianovela at kahit mga Hollywood na pelikula ay ginagamit ang dubbing sa pagsasatinig ng pagsasalin ng mga ito sa wikang Filipino. Nagpapaliwanag lamang ito sa patuloy na paggamit ng dubbing bilang kaparaanan ng audiovisual translation sa nasabing bansa. Dahil sa patuloy na pag-usbong at pag-unlad ng dubbing bilang isang paraan ng audiovisual translation, nararapat lamang na pagtuunan ng pansin ang paraan o proseso nito lalong-lalo na ang proseso ng dubbing sa Pilipinas.

Ipinahayag nina O'Halloran at Smith (2014) na binibigyang konsiderasyon sa analisis ng multimodal ang teksto na nagkakaroon ng interaksyon at integrasyon sa dalawa o higit pang **semiotic resources** o moda ng komunikasyon upang makamit ang pangkomunikatibong layunin ng teksto. Ibig sabihin nito, nagkakaroon lamang ng angkop na kahulugan ang isang teksto kapag binibigyang kahulugan ito kasama ang iba pang moda. Dagdag pa nga nila na, "kailangang masuri ang pag-iisa ng berbal at mga modang multimodal, hal. ang semiotika, biswal, acoustic, at mga kinetic na elemento upang mailahad ang tiyak na karakter ng pagsasalang audiovisual". Ibig sabihin, nakatutulong sa pagpapakahulugan ng isang pahayag kapag inaanalisa ito kasabay ng iba pang moda na maaaring **semiotic, visual, acoustic,** at **kinetic**. Mas mabibigyan ng malalim na kahulugan at mabibigyan ng **emphasis** ang isang mensahe kapag hindi lamang ang salita ang ikinokonsidera maging ang iba pang multimodal na elemento nito. Katulad na lamang sa pagsasalin ng pelikula na hindi lamang nakabatay sa mga binibigkas na wika mula sa orihinal na wika ang dapat ikonsidera sa pagsasalin maging ang iba pang elemento na nakapaloob dito.

Pangunahing batayan ng pag-aaral ang **Concept of Multimodality** bilang isa sa mga konsepto ng pagsasalang **audiovisual**. Madalas ipinapalagay ang pagsasalin bilang paglilipat-wika lamang ng mga nakasulat na teksto katulad ng pagsasalin ng mga artikulo, tula, kuwento at iba pang babasahin. Subalit kailangang bigyan ng konsiderasyon ng mga tagasalin ang multimodal na kaligiran ng iba pang isinasagisag na mga elemento nito. Maaaring magkaroon ng interaksyon sa pagitan ng mga salita, imahe, tunog, at mga galaw sa pagbubuo ng kahulugan partikular na sa isang palabas.

Katulad ng **subtitling** at iba pang estratehiya ng pagsasalang audiovisual, hindi rin agad-agad na tinanggap ang dubbing dahil wala raw itong katapatan sa pagsasalin. Binigyang-analisis nga nina Gallardo, Kelly, at Mayoral ang konsepto ni Titford (1982) ng **constrained translation**. Isinasaad nila na “kapag ang teksto ay binubuo ng mga komponent na multimedia kaagapay ang berbal o linggwistik, dapat mapanatili ng pagsasalin ang pagsasabay ng nilalaman sa iba pang komponent ng mensahe maaaring ito man ay imahe, musika o iba pa.” Nagpapahiwatig lamang ito na nagkakaroon ng karagdagang restriksyon at limitasyon sa pagsasalin dahil kailangan nitong isabay ang mga salita ng salin sa mga larawan o di kaya ay sa boses na naging dahilan upang hindi raw ito matapat sa kanyang salin.

Subalit pinabulaanan naman ni Chaume (2004) sa kanyang **Concept of Prefabricated Orality** ang restriksyon na ito. Ayon nga sa kanya, “Ang mga tekstong audiovisual, lalong-lalo na ang mga tekstong naratibo tulad ng mga feature films at drama sa tv, ay may sariling bantas at kumbensyon hinggil sa oralidad na reproduksyon. Ang mga tekstong ito na ipinakikilala sa kakaibang uri ng pasalitang diskurso, isang oralidad na tila likas at natural, subalit ito ay talagang nakaplano o gawa na.” Kaya kahit na tuloy-tuloy o natural ang oralidad ng mga tekstong audiovisual, nakaplano at nakasulat pa rin ito upang bigkasin. Dadaan ito sa pag-eedit, paglalapat at makailang ulit na pagsubok upang maiakma ang mga salitang binibigkas sa mga larawan o galaw na hindi naapektuhan ang salin.

Hindi biro ang prosesong pinagdadaanan ng AVT katulad ng pelikula. Kailangan munang makakuha ng kopya nang nasabing pelikula upang maisalin ang isang pelikula patungo sa isang wika. Maaaring maiiba sa proseso ng pagsasalin sa naibigay na piyesa sapagkat kailangang bigyang-pansin nito ang dayalogong nabubuo sa pelikula. Sa puntong ito, gawain ng **synchronizer** na pagtugmain ang dayalogo ng pelikula sa galaw ng bibig ng aktor. Nabibigyan naman ng masidhing damdamin ang salin sa pelikula dahil sa paglalagay ng bugso ng damdamin gamit ang kakayahan ng gumagawa nito. Ibig sabihin, mas naglalaman ng damdamin na madaling maunawaan at maramdaman ng mga Pilipino ang mga dayuhang palabas kapag ginagamit ang **dubbing**.

Mula sa mga agam-agam at restriksyon sa paggamit ng **dubbing** bilang isang metodo, lumitaw pa rin sa saliksik sa AVT na karaniwan pa rin ito ginagamit. Isang proseso ng lokalisasyon ng isang dayuhang pelikula ang **dubbing**. Maituturing din itong isang post-produksyon na proseso na kinabibilangan ng pagsasalin ng mga dayalogo sa ibang wika taglay ang katulad na kahulugan nito mula sa orihinal na wika. Sa kaso ng Pilipinas, ginagamit ang

isang grupo ng mga lalake na sina Dào Míng Sì, Huā Zé Lèi, Xi Mén, at Měi Zuò at ang pangunahing karakter na babae na si Dǒng Shān Cǎi. Labis na napamahal sa masang Pilipino ang seryeng ito dahilang upang makailang beses itong pinalabas at sinimulang magkaroon ng salin maging ang kanilang mga awitin. Ito ang simula ng **Taiwanese Invasion** sa Pilipinas dahilang upang magkaroon sila ng concert dito sa Pilipinas. Matapos ang pamamayagpag ng Meteor Garden ay ang pagpasok din ng mga Koreanovela na tinangkilik din ng masang Pilipino. Taong 2003 din ng ipinalabas ang unang English series na 24 na ipinalabas sa ABS-CBN Channel 2 noong Nobyembre 17, 2003 hanggang sa kalagitnaan ng Disyembre 2003. Ayon nga kay Leo Katigbak (mula sa pag-aaral ni Peralta, 1998), Vice President ng Program Acquisition at Marketing Direktor ng Studio 23, ang mga voice talent na ginamit sa pag-dub ng programa ay piniling mabuti upang umangkop sa mga karakter.

Hindi lamang ang pagda-dub ng telenovela o mga serye ipinalalabas sa telebisyon ang nangyari sa dekadang iyon, dahil may mga naisa-Filipino na rin na dayuhang pelikula noong 1991 (Peralta, 1998). Unang ginamit ang **subtitling** nasinundan naman ng **dubbing**. Ang mga unang pelikulang Ingles na isina-Filipino ay ang *Magic To Win 5* na tinampukan ng Tsinong aktor, manunulat at direktor na si Raymond Wong at Pilipinang aktres na si Kris Aquino na ipinalabas noong 1991. Kwento ito tungkol sa aso ng isang batang babae na gumawa ng kasunduan sa isang Happy Ghost na maging tao siya sa loob ng 44 na araw. Naisa-Filipino rin ang pelikulang *Passenger 57* na tinampukan naman ni Wesley Snipes bilang John Cutter na isang Security Expert. Tungkol ito sa paghi-jack ng mga terorista sa isang Pilipino.

Mula sa dekada 90 hanggang sa kasalukuyan, patuloy ang pagdami ng mga isina-Filipinong mga palabas na nagmula sa iba't ibang bansa, serye man o pelikula. Lahat ng mga palabas na ito ay gumamit ng **dubbing** sa pagsasalin ng mga palabas. Nangangahulugan lamang ito na ang **dubbing** ang siyang pangunahing ginagamit ng mga tv network o ng isang produksyon kapag naglalayon silang magpalabas ng pelikula sa Pilipinas.

Dubbing Bilang Anyo sa Pagsasalin ng Pelikula

Itinuturing ang midya bilang isa sa mahalaga at impluwensyal na kaparaanan ng pagbabahagi ng ideya o impormasyon, kultura, o tradisyon ng isang grupo. Naging puhunan ito sa pagsasalin ng mga pelikula bilang kaparaanan ng paghahatid ng impormasyon. Isang malaking usapin kung paano isasalin at anong modelo ang gagamitin sa pagsasalin ng mga pelikula o anumang midya.

dayuhang palabas mula sa iba't ibang bansa katulad ng mga korean drama at mexican telenovela na tinangkilik ng masang Pilipino.

Subalit isa sa hamong kinasasangkutan sa pagsasalin ng mga tekstong **audiovisual** ay ang katapatan nito sa orihinal dahil nag-iiba ang dating ng palabas, at ang paraan ng pagsasaboses. Ito minsan ang dahilan kung bakit mas tinatangkilik ng karamihan ang orihinal na palabas kaysa sa salin sa Filipino. May ilang pananaliksik ang nakatuon sa iba't ibang teknik ng pagsasalin subalit hindi napagtutuunan ng pansin ang buong proseso ng pagsasalin lalong-lalo na sa pagsasalang **audiovisual** o **audiovisual translation**.

Kaya layunin ng pag-aaral na ito tukuyin ang proseso ng dubbing sa mga tekstong **audiovisual** sa Pilipinas at kung ano ang kaibahan nito sa iba pang paraan ng pagsasalin. Gamit ang **concept of multimodality** o konseptong multimodalidad ni Chaume, binigyang-analisis ng mananaliksik ang dubbing bilang isang paraan ng **audiovisual translation**.

Mahalaga ang pag-aaral na ito upang mailahad ang prosesong kasangkot sa proseso ng dubbing bilang isang uri ng pagsasatinig ng pagsasalang **audiovisual**. Dahil sa patuloy na paglaganap ng mga pelikulang isinalin at ipinapalabas sa telebisyon nararapat lamang pagtuunan ng pansin kung paano ito ginagawa.

Ang Kalagayan ng Dubbing sa Pilipinas

Nagbunsod sa pagpapalabas ng mga dayuhang pelikula ang pag-usbong ng mga bagong teknolohiya. Naging tampok sa masa ang pagpapalabas ng mga ito na tunay namang kinagigiliwan. Taong 1990's pa lang noong unang pumasok ang **dubbing** sa Pilipinas. Una itong naging tanyag sa mga telebisyon na pinangungunahan ng Mexican telenovelang *Marimar* noong 1994 na isinapapel ng sikat na artistang si Thalia. Ipinapalabas ito mula lunes hanggang biyernes ng hapon. Napamahal at sinubaybayan ng masang Pilipino ang telenovelang ito, hindi lamang ang palabas maging ang bawat karakter sa totoong buhay patunay na buong-pusong niyakap ng mga Pilipino ang telenovelang ito. Subalit nabanggit sa pag-aaral ni Peralta (1998) na hindi ang *Marimar* ang unang telenovelang isina-Filipino't ipinalabas sa telebisyon. Una na rito ay ang Mexican telenovela na *La Traidora* noong 1991 sa ABS-CBN subalit hindi ito nag-click sa masang Pilipino. Hanggang sa naging matagumpay nga ang *Marimar* na sinundan ng mga sunod-sunod na Mexican telenovela.

Pagkatapos ng pagdodomina ng mga mexican telenovela, pumasok at ipinalabas rin ang isang Taiwanese na serye na *Meteor Garden* na ipinalabas sa ABS-CBN noong May 2003. Tungkol ito sa

Introduksyon

Hindi na bago ang pagsasalin ng iba't ibang teksto katulad ng libro, artikulo, at iba pang pampanitikang akda mula sa orihinal na wika patungo sa target na wika nito. Subalit, naging usapin rin ang pagsasalin na may kinalaman sa midya katulad ng mga pelikula, palabas sa telebisyon, dokumentaryo at iba pang programa. Isa sa mga usapin dito ang pagsasalin ng mga pelikula. Dahil sa pag-usbong ng mga makabagong teknolohiya at pag-aangkat ng mga dayuhang palabas, naging popular ang makabagong kaparaanan ng pagsasalin, na tinawag na **screen translation** o **multimedia translation** na mas kilala sa kasalukuyang tawag na **audiovisual translation** o AVT. Wika nga ni Diaz-Cintas (2009), “ang globalisasyon at digitalisasyon ng multimedia ang nagbunsod sa produksyon at distribusyon sa paglikha ng **audiovisual**. Ang mga makabagong teknolohiya ang siyang nagtataguyod sa mabilis na transisyon ng pagsasalin tungo sa digital na panahon kung kaya isa ang AVT sa mga matagumpay na disiplina ng pananaliksik”. Nagpapatunay lamang ito na patuloy ang pag-unlad ng mga pag-aaral ng AVT dahil sa kagustuhang mapanood at maisalin ang mga dayuhang palabas sa pamamagitan ng teknolohiya.

Malaki ang kaibahan ng AVT sa ibang paraan ng pagsasalin ng mga teksto. Nakatuon lamang ang pokus ng dating paraan ng pagsasalin sa isang tekstong nakasulat. Sa kaso ng AVT, hindi lamang nakatuon ang atensyon ng pagsasalin sa nakalimbag na teksto dahil malaking faktor din maging ang iba pang kaugnay nito katulad ng imahe, musika, at galaw. Dagdag pa ang pagbibigay-pansin kung sino ang manonood nito. Napakahalaga ng mga faktor na ito kasabay ng teksto sa pagbubuo ng isang pagsasalang **audiovisual** sapagkat nagiging dahilan ito sa malaking pagbabago ng kaparaanan ng pagsasalin. Dalawa lamang kung maituturing ang mga pagdulog na inilalapat sa pagsasalang audiovisual- ang paghahalinhin ng orihinal na diyalogo ng bagong **soundtrack** na tinatawag na **revoicing**, at ang pagsasalin patungo sa pasulat na teksto na makikita sa **screen** ng midya na tinatawag na **subtitling**. Maaaring gamitin ang **revoicing** sa dalawang kaparaanan: maaaring palitan ang orihinal na wika ng buo sa pamamagitan ng **dubbing** o **lip-synchronised dubbing** o di kaya bahagi lamang na may maririnig pa rin na **background** sa likod nito na tinatawag na **voice-over**.

Sa kaso ng Pilipinas, **dubbing** ang pangunahing paraan sa pagsasalin ng mga tekstong **audiovisual**. Patunay na rito ang mga

Pagsasaling Audiovisual: Ang Proseso ng Dubbing Bilang Bagong Anyo ng Pagtutulay

AIREN C. SAJULGA
MELBA B. IJAN

Abstrak

Nakapaloob sa bahaging ito ang pagsagot sa tanong tungkol sa kabuuang proseso ng dubbing sa Pilipinas at ano ang kaibahan nito sa ibang uri ng pagsasalin. Isang bagong disiplina ang pagsasaling audiovisual na hindi pa nabibigyang-pansin ng mga iskolar partikular na dito sa Pilipinas. Pangkalahatang layunin ng papel na ito na matukoy ang buong proseso ng dubbing bilang isang uri ng pagsasaling audiovisual, isang bagong anyo ng pagsasalin.

May anim (6) na proseso ang pagsasagawa ng dubbing. Una na rito ang (1) Pagbubuo ng Produksyon, (2) Pagsasalin ng Iskrip, (3) Pagpili ng mga Voice Talent, (4) Pagsasagawa ng Dubbing, (5) Pag-eedit o Synchronization at Pagrerebisa, at ang (6) Pagpapalabas. Pangunahing kasangkot mula sa prosesong ito ang tagasalin, voice talent, direktor, at sound engineer. Lumabas din sa pag-aaral na hindi na binibigyang-pansin sa pagsasaling audiovisual ang pagpili ng tagasaling may digri sa pagsasalin o anumang background tungkol sa pagsasalin.

Mga susing salita: dubbing, pagsasaling audiovisual (AVT), tagasalin, concept of multimodality, voice talent

Airen C. Sajulga is an Assistant Professor of the Department of Filipino and Other Languages at CASS, MSU-Iligan Institute of Technology, Iligan City. Melba B. Ijan is an Associate Professor of the Department of Filipino and Other Languages at CASS, MSU-Iligan Institute of Technology, Iligan City.